

Pagsapi sa National Health Insurance System


(タガログ語版)



Ang bawat isa na naninirahan sa Japan ay may tungkulin ayon sa batas na sumali sa Medical Insurance upang makapagpagamot ng walang anumang pangamba sa lahat ng oras.

Ang mga dayuhang residente na maninirahan nang may higit sa 3 buwan sa adres na nakatala sa Ueda City ay may tungkulin na sumali sa Medical Insurance dito sa Japan.

!! Kahit sinuman na may Medical Insurance sa ibang bansa o Travel Insurance o Student Insurance ay kinakailangan pa rin na maging miyembro ng National Health Insurance System.



[Hindi sakop]

- Miyembro ng Medical Insurance para sa may edad na.
- Tumatanggap ng tulong mula sa Social Welfare.
- Pasyente at kasama na may visa ng "Medical Stay".

Hindi na dapat maging miyembro ng Nat'l Health Ins.

Tungkol sa Proseso ng National Health Insurance System

Pagsali (Kapag nagparehistro bilang residente sa Ueda City o hindi na kasapi ng Insurance sa kumpanya)

Dalhin ang: Seal o inkan, Residence Card, Moving Out Cert. (Kapag lilipat sa Ueda City mula sa ibang lugar)

Social Insurance Disqualification Cert. (Kapag hindi na kasapi ng Insurance sa kumpanya, makukuha sa kumpanya)

Personal Number Card ng Householder at ng kasapi ng Health Insurance o notice (Taong Tumigil na sa kumpanya)

Pagkansela (Kapag lilipat sa ibang lugar mula sa Ueda City o pumasok sa Insurance ng kumpanya)

Dalhin ang: Seal o inkan, Residence Card, Health Insurance Card ng kumpanya, National Health Insurance Card ng Ueda City

Personal Number Card ng Householder at ng kasapi ng Health Insurance o notice (Taong nagtrabaho sa isang kumpanya)

(Halimbawa)

Pagrehistro bilang residente (Araw ng paglipat)

Araw ng pagkansela ng membership sa Insurance

Pagsapi sa Nat'l Health Insurance System

Pagbibigay ng notice

4/1

5/10

Ang araw ng pagsapi ay mag-uumpisa sa 4/1

Ang pagsapi ay hindi sa araw ng pagbibigay ng notice

Pagkalooban ang bawat isa ng **Health Insurance Card**. Siguraduhing ipakita sa reception desk ng **pagamutan**.

Tungkol sa National Health Insurance Tax

Kapag sumali sa Nat'l Health Insurance, tungkulin na bayaran ang bayarin para rit

Ang Insurance tax ay babayaran mula sa buwan ng pagsali at patuloy taun-taon ayon sa uri ng sambahayan. Babayaran ng householder ang kabuuang halaga ng tax ng bawat miyembro ng pamilya na kasali. Ipapadala sa householder ang halaga ng Annual Insurance Tax mula Abril hanggang Marso sa pamamagitan ng Ang pagbabayad ay hahatiin sa 9 na beses mula Hulyo hanggang Marso ng kasunod na taon. Kapag may notice ng pagbabago sa Annual Insurance Tax, magpapadala ng abiso sa householder sa pamamagitan ng Maaaring magbayad sa pamamagitan ng anumang pinansiyal na institusyon, convenience store, o deduction mula sa isang rehistradong bank account.

Maaaring mabawasan ang National Health Insurance Tax ng taong may maliit na income. Ngunit hindi maaaring mabawasan kung walang isasagawang pagdedeklara ng income, kaya kung walang pagbabago sa adres mula Enero 1ng bawat taon, siguraduhing magdeklara kahit walang income.

Bayaran ang National Health Insurance Tax bago ang deadline.

Kapag lumipas sa deadline

Tatanggap ng abiso at magbayad ng dagdag na halaga para sa

Kapag lumipas sa 10 araw pagkatapos

Kapag lumagpas na sa 10 araw pagkatapos padalhan ng abiso at hindi pa rin nagbabayad, maaaring sumailalim sa "Tax Delinquency Measures" tulad ng pagkuha ng ari-arian.

Kung hindi pa rin nagbabayad

Sa panahon ng pag-renew, maaaring umikli ang bisa ng Health Insurance Card kapag hindi pa nabayaran ang bayarin sa

Kapag lumipas sa 1 taon pagkatapos ng deadline

Isauli ang Health Insurance Card at bilang kapalit makakatanggap ng sertipiko ng Katibayan ng pagiging kuwalipikadong miyembro. Kailangang bayaran muna ang buong halaga ng pagpapagamot.

Mga Dapat Tandaan Tungkol sa National Health Insurance System

Ang proseso ng pagsali at pagkansela ng pagiging miyembro ng National Health Insurance ay isinasagawa sa tanggapan ng munisipyo.

Kapag kinansela na ang pagiging miyembro ng National Health Insurance (tulad ng pagsapi sa isang Social Insurance o paglipat ng tirahan sa labas ng Ueda City), hindi na maaaring magamit ang National Health Insurance Card na galing sa Ueda City. Pakisuyong ibalik agad sa tanggapan na nag-issue nito.

Kapag kailangang lumipat sa labas ng bansa, siguraduhing ipagbigay-alam sa munisipyo ng Ueda City at ipakalkula ang tax o premium ng National Health Insurance na dapat bayaran. Mag-ingat na huwag makalimutan na ikansela ang adres ng tirahan sa Ueda City sapagkat maaaring patuloy na dumami ang bayarin sa National Health Insurance.

Para sa higit na detalye tumawag at magtanong sa:

National Health Insurance and Pension Division National Health Insurance System In-charge

Tel.No. 0 2 6 8 - 2 2 - 4 1 0 0 Extension 1482·1485·1487·1488